Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Frame.io

May bisa simula Marso 19, 2025.

Pinamamahalaan ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang iyong paggamit sa mga produkto at serbisyo ng Frame.io ("**Frame**") at isinasama ito sa pamamagitan ng pagbanggit sa Mga Pangkalahatang Tuntunin ng Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na makikita sa www.adobe.com/go/terms_ph (ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinutukoy bilang "**Mga Tuntunin**"). Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin. Sakaling magkaroon ng di-pagkakatugma sa pagitan ng Mga Pangkalahatang Tuntunin at ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito, ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang masusunod.

1. **Sensitibong Personal na Impormasyon.** Kaugnay ng iyong paggamit sa Frame, maaari kang makapagbigay ng Sensitibong Personal na Impormasyon sa amin na nasa iyong Content na ina-upload mo sa Frame (bukod pa sa impormasyong ibinibigay para sa layunin ng paggawa ng account); basta't: (A) nakakuha ka ng lahat ng kinakailangang pahintulot na gawin iyon; (B) ang mismong pagbibigay ng nasabing Sensitibong Personal na Impormasyon ay hindi nagsasailalim sa amin o sa alinman sa mga Kaanib namin sa mga iniaatas ng Gramm-Leach-Bliley Act of 1999 o sa Health Insurance and Portability Act of 1996 ("HIPAA"), at (C) walang pagkakataong magbibigay ka ng Sensitibong Personal na Impormasyon na maituturing na Protektadong Impormasyong Pangkalusugan sa ilalim ng HIPAA. Maliban sa pagbili ng mga subscription plan ng Frame, hindi magsasama ang Customer ng mga numero ng credit card o data ng pag-authenticate ng pagbayad sa anumang Content ng Customer.
2. **Suporta.** Ang suporta para sa Frame ay ibibigay lang sa loob ng Admin Console at sa pamamagitan ng support@frame.io. Ang mga tuntunin at kundisyon ng suporta sa: https://helpx.adobe.com/ph_fil/support/programs/support-policies-terms-conditions.html ay hindi nalalapat sa Frame.